



## HAYAAN ANG DIYOS NA MAGING DIYOS Part I

*“Lubos ang tiwala ng kumikilala sa iyong pangalan. Sa gitna ng gulo at mga panganib ay kutang matibay”. Awit 9:10 TPV*

*“Kay Yahweh ka magtiwala, buong puso at lubusan.; at huwag kang mananangan sa sarili mong karunungan. Siya ay sangguniin sa lahat mong mga balak. At kanya kang itutumpak sa lahat ng iyong mga lakad.” Kawikaan 3:5-6 TPV*

**“Hayaan ang Diyos na Maging Diyos”, “Magtiwala Lamang sa Diyos”, “Manalig sa Panginoon”, Paano natin gawin ito? Paano ko ipagkatiwala ang lahat sa Panginoon? Ayon sa Bibliya, sinabi ng Diyos na magtiwala tayo sa kanya, na manalig tayo sa kaniya. Kailangang 100% ang tiwala natin at pananalig natin sa Diyos. Pero paano nga natin gagawin ito? Ang pananalig ay ang pagpapaniwala sa mga bagay o sa isang tao na hindi pa nakikita at pagpapaniwala na ibibigay ang sinabing pangako. Kailangan nating magtiwala sa Diyos hindi sa sarili natin o sa kapwa.**

**“Magtiwala kayo sa kanya sa lahat ng bagay”. Ano ang ibig sabihin ng ating Panginoon nito? Tatawagin ko lang ba ang Panginoon kapag ka Linggo o di kaya sa tuwing may kailangan ako sa kanya? Ang ibig sabihin ng acknowledge ay para makilala siya, pagtiwalaan siya at hahanapin siya. Hindi ba di natin pagkatiwalaan ang ating kaibigan o kasama kapag ka di natin sila kilala? Paano natin makilala ang taong ito? Hindi ba sa pamamagitan ng pagbibigay ng panahong makasama mo ang tao upang malaman mo kung anong klaseng tao siya. Sa kalaunan ng pagsasama ninyo malalaman mo rin kung siya’y mapagkatiwalaan ba at kung gaano mo siya mapagkatiwalaan.**

**Gusto nating matugunan agad ng ating Panginoon ang ating mga panalangin at biyayaan tayo, kailangan magtiwala muna tayo sa kanya. “Ngunit pagsumakitan ninyo nang higit sa lahat ang pagharian kayo ng Diyos, at mamuhay nang ayun sa kanyang kalooban, at ipagkakaloob niya lahat ng kailangan ninyo”. Mateo 6:33 TPV**

**Upang makilala mo ang Panginoon kailangang magkaroon ka ng oras sa kanya sa pamamagitan ng pagpapanalangin at pagbabasa ng bibliya. Ito ay dapat araw-arw na gawain hindi paminsan minsan lang. Kapag ka nasimulan mo na ito magsisimula kang magtiwala sa kanya; magagawa mo nang magtiwala sa kanya at lalo na ang lubos mong pagtitiwala sa kanya sa lahat ng bagay. Ito ang gusto ng ating Panginoong Jesus sa atin. Dahil nung andito pa si Jesus sa lupa ipinakita niya sa atin paano ang magtitiwala sa ating Ama na nasa Langit. Araw-araw nananalangin si Jesus dahil alam niya ang mga utos kung saan isinasaad at**

**mababasa natin sa lumang tipan.**

**Babangon ako ng 4:00 o 5:00 ng umaga araw-araw at ito ang oras na inilaan ko para makausap ko ng masinsinan ang ating Panginoong Diyos. Sinubukan kong makilala siya sa pamamagitan ng aking pagbabasa sa bibliya. Hinihiling ko sa aking panalangin na gabayan niya ako at ituro sa akin ang tamang landas. Nakikipag-usap ako sa Diyos na para bang siya lang ang pinagkatitiwalaan ko kaya sinasabi ko sa kanya ang lahat lahat na nagyayari sa buhay ko maganda man o pangit; mabuti man o masama. Pinupuri ko siya at sinasamba.**

**Hindi mo matatanggap ang mga sagot sa panalangin mo galing sa Panginoon hangga't di mo makilala ang Panginoon, at hindi mo makilala ang Panginoon kapag ka hindi mo ugaliing sa araw-araw makikipag-usap sa kanya. Masaklap isipin na nagugulan natin ng 100% sa oras natin ang ating trabaho o ang ating pag-aaral pero ang ating Panginoon hindi. Siguro sasabihin mong kaya ginugol mo lahat ng oras sa trabaho dahil may pamilya ka na sinusuportahan o di kaya ginugol mo ang lahat ng iyong oras sa pag-aaral dahil kailangan mong magsikap para sa iyong sarili para makatapos at makapagtrabaho para matulungan mo ang iyong pamilya. Tama ka nga, pero dapat mong isipin na kapag ka wala kang panahon para sa Panginoon, wala ka tiwala sa kanya kundi sa sarili mo lang ikaw nagtitiwala. Hindi ito ang kalooban ng Diyos para sa atin dahil ang gusto niya sa kanya lang tayo lubos na magtitiwala.**

**Gusto mo ba ng mga sagot sa mga panalangin mo? Gusto mo ba talaga na maibigay mo ang lahat na pangangailangan ng pamilya mo? Gusto mo ba ng kapayapaan sa buhay o sa pamilya? Simulan mo nang magbasa ng bibliya! Lumuhod ka at simulan mo na ngayong manalangin. Pag-aralan mo ang salita ng Diyos. Hanapin mo ang Panginoon at ang kabutihan niya. Pagkagising mo sa umaga, lumuhod ka at makipag-usap ka sa ating Ama na nasa Langit. Sabihin mo sa kanya ang lahat, magpakatotoo ka sa kanya. Alam na niya ang lahat ng mga kamalian mo, ginawa mo man o hindi. Kaya maging makatotohanan ka sa kanya. Hingin mo sa kanya ang lahat ng mga pangangailangan mo, ang lahat ng gusto mo.**

**Maniwala ka at manalig sa ating Panginoong Jesus. Kapag ka narating mo ang punto na ito sa espirtual na buhay mo sa paghahanap sa ating Panginoon, magkaroon ka ng pananalig para sa lahat ng bagay dahil ngayo'y kilala mo na siya. At ang lahat ng bagay dito sa mundo na importante sa iyo ay mawala at pati na ang mga gusto mong makamit.**

**Ano man ang imposible sayo at sa ibang tao, ay posible sa Panginoon. Bakit? Dahil mahal ka niya, at siya ay Diyos. Kaya kapag ka manatili ka at hayaan mo ang Diyos na maging Diyos sa buhay mo, mangyayaring magbabago ang buhay mo, ang iyong panalangin ay matugunan lahat lalo ang mga pangangailangan mo.**

**At siguro ngayon puwede mo nang isigaw ng malakas na: “Hahayaan ko ang Diyos na Magiging Diyos sa buhay ko”.**

Written by:

Ronald L. Alfredson

Translated by: Ptra. Ma. Starlit G. Genelaso

Living Truth Ministries (LTM)

Copyright ©2009 Living Truth Ministries. All Rights Reserved